Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA AUIDITORIUM, IKA-APAT NA PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG MARSO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 24-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAKAPASOK AT MAKALAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG PHILIPPINE VETERANS BANK PARA SA SALARY LOAN PROGRAM SA MGA OPISYAL AT KAWANI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD.**

**AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**KAMAY AKDA NINA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS,**
**KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EDGARDO F. DOMINGO,**
**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** itinatakda ng batas na bago pumasok at lumagda sa isang kasunduan ang Punong Lungsod, maging ito ay pabor sa interes ng Pamahalaang Lungsod, ay nararapat lamang na siya ay mapagkalooban ng karapatan at kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng sulat kahilingan ang Kagalang-galang na Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, sa bumubuo ng Sangguniang Panlungsod hinggil sa Salary Loan Program at ang kaugnay na Kasunduan sa pagitan ng Philippine Veterans Bank at ng Pamahalaang Panlungsod para dito;

**SAPAGKAT,** ang inihahaing programa ng Philippine Veterans Bank na Salary Loan Program ay makatutulong sa mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng sangguniang panlungsod ukol dito.

**KUNG KAYA'T** sa mungkahi ni **Igg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na sinang-ayunan ng lahat na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian, na makapasok at makalagda sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Philippine Veterans Bank para sa Salary Loan Program sa mga opisyal at kawani ng Pamahalaang Panlungsod.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| ***KGG. NOEL G. PINEDA**<br>Pang. Punong Lungsod | **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>Kasangguni |
| **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>Kasangguni | ***KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>Kasangguni |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>Kasangguni | ***KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>Kasangguni |
| ***KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>Kasangguni | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>Kasangguni |
| ***KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>Kasangguni | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>Kasangguni |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>Kasangguni - ABC President | ***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>Kasangguni - SK President |

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**JONATHAN S. ROQUE**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo